6

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 Markahan – Linggo 8
## Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto
### Learning Activity Sheets (LAS)



**SCHOOLS DIVISION OF DINAGAT ISLANDS**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 6**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writer:** Jessel C. Oriat

**Editor:** Christopher D. Balatero, Merlinda T. Japay,
Prescilla P. Capisnon, Rhey G. Eder

**Reviewers:**

**Layout Artist:** Jay S. Mateo, Kevin L. Madera

**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |
| Project Development Officer II | |
| SDO Librarian II | NARMIE S. NAVAS |

**Printed in the Philippines by** ______________________________

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com, lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: ______________________

**Linggo 8**

# Ang Uri Ng Pamahalaan at Patakarang Ipinapatupad sa Panahon ng mga Amerikano



## Panimula


Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets** ) ay dinisenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa ika-anim na baitang upang maisa-isa ang mga kontribusyon ng bawat pangulo na nakapagdulot ng kaunlaran sa lipunan at bansa at mapahalagahan ang pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes bilang tugon sa mga hamon ng kasarinlan ng bansa. Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang maipamalas ang mapanuring pag-unawa sa pagtugon sa mga hamon ng kasarinlan ng bansa.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 16: Ang Pilipinas bilang Bansang Soberano:**
**Pagtatanggol sa kalayaan at Teritoryo**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, ikaw ay inaasahang:

1. Napahahalagahan ang pagtatanggol ng mga Pilipino sa pambansang interes.



## Paunang Pagtataya

**Panuto**: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod ang hindi kasama sa mga gawaing serbisyong sibil?
   A. pagsapi sa sandatahang lakas ng bansa
   B. pagtatrabaho sa pagawaan ng armas o bala
   C. pagtatrabaho sa tanggapang laan sa pagtiyak ng maayos na telekomunikasyon
   D. mga gawaing hindi nangangailangan ng tuwirang pakikidigma ngunit kaugnay pa rin ng serbisyong militar

2. Bakit mahalagang ipagtanggol ng bawat bansa ang kalayaan at teritoryo nito?
   A. maaaring sakupin ng ibang bansa
   B. maaaring mawala ang pagiging estado nito
   C. maaaring makilala ang bansa sa buong mundo
   D. maaaring maging daan ito ng pag-unlad ng isang bansa

3. Sa panahon ng digmaan o pagtatanggol sa teritoryo ng bansa, maaaring magampanan ang _______________ sa pamamagitan ng pagsapi sa sandatahang lakas ng bansa.
   A. Serbisyong sibil C. Serbisyong medikal
   B. Serbisyong militar D. Serbisyong politikal

4. Ano ang pangunahing ahensiya ng pamahalaan na naatasang ipagtanggol ang ating kalayaan at teritoryo mula sa mga panlabas na puwersa?
   A. Kawanihan ng Edukasyon C. Department of Foreign Affairs
   B. Kawanihan ng Katarungan D. Armed Forces of the Philippines

5. Ayon sa ______, "Ang lahat ng mga mamamayan ay maaaring atasang maghandog ng personal na serbisyong military o sibil" ayon sa itinakda ng batas.
   A. Saligang Batas ng 1987 C. Reconcentration Act ng 1903
   B. Brigandage Act ng 1902 D. Sedition Law ng 1901 o Act No. 292



## *Pag-aralan*

Mahalagang ipagtanggol ng bawat bansa ang kalayaan at teritoryo nito. Kapag nawala ang mg ito ay mawawala ang pagiging estado ng nasabing bansa. Ang Armed Forces of the Philippines (AFP) ang pangunahing ahensiya ng pamahalaan na naatasang ipagtanggol an gating kalayaan at teritoryo mula sa panlabas na puwersa.

Patuloy na pinauunlad ng pamahalaan ang kahandaan ng AFP na gampanan ang tungkulin nito. Kabilang sa mga hakbang ng pamahalaan ang AFP Modernization Program, paglagda ng mga kasunduang military, at pagsasagawa ng mga pagsasanay at pagsasanay-militar kasama ang mga hukbo ng mga kaalyadong bansa.


Sa panahong may malinaw at tunay na panganib ng pagkawala ng kalayaan at pagsakop ng ibang bansa sa ating teritoryo ay maaaring mangailangan ang pamahalaan ng tulong mula sa mga mamamayan.

Ayin sa Saligang Batas ng 1987, "maaaring tawagan ng pamahalaan ang sambayanan upang ipagtanggol ang Estado." Kaugnay ng layuning ito, "ang lahat ng mga mamamayan ay maaaring atasang maghandog ng personal na serbisyong military o sibil" ayon sa itinakda ng batas.

Sa panahon ng digmaan o pagtatanggol sa teritoryo ng bansa, maaaring magampanan ang serbisyong military sa pamamagitan ng pagsapi sa sandatahang lakas ng bansa. Ang mga nagbibigay ng serbisyong miltar ay maaaring kailanganing tuwirang humarap sa mga kalabang puwersa upang pigilan sila sa balak na pagsikil ng kalayaan o pagsakop sa teritoryo ng bansa.

Samantala, yaong mga hindi naatasang magbigay ng serbisyong military ay maaari naming atasang magbigay ng serbisyong sibil. Ito ang mga gawaing hindi nangangailangan ng tuwirang pakikidigma ngunit kaugnay pa rin ng serbisyong military. Kabilang ditto ang pagtatrabaho sa pagawaan ng armas o bala, at sa tanggapang laan sa pagtiyak ng maayos na telekomunikasyon.

Ang pagganap sa serbisyong military os ibil sa panahon ng digmaan o kaya ay panahon ng matinding banta sa kalayaan o teritoryo ay maituturing na tuwiran at personal na ambag tungo sa kagalingan ng bansa at kapakanan ng sambayanan.



## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1**

**Panuto**: Magsaliksik tungkol sa isang mahalagang pangyayari kamakailan na may kinalaman sa soberanya ng Pilipinas. Sagutin ang sumusunod na tanong.

Rubrik sa Pagpupuntos

| **Pamantayan** | **4** | **3** | **2** | **1** |
|---|---|---|---|---|
| Kaisahan | May kaisahan ang mga pangungusap | May kulang para sa kaisahan ng mga pangungusap | May kaguluhan o kulang ang kaisahan ng mga pangungusap | Walang kaisahan ng mga pangungusap |
| Paglalahad | Malinaw na nailahad ang mensahe | Medyo malinaw ang naisulat na mga ideya | Hindi gaanong malinaw ang mensahe | Walang malinaw na nailahad na mga mensahe tungkol sa paksa |
| Makatotohana n | Makatotohana n ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi gaanong makatotohana n ang mga impormasyon o datos na ipinakita | May mga bahagi na hindi makatotohana n ang mga impormasyon o datos na ipinakita | Hindi kapani-paniwala ang mga impormasyon o datos na ipinakita |
| Malikhain | Malikhain at masining ang paglalahad | May pagkamalikhai n at masining ang paglalahad | May kakulangan sa pagkamalikhai n at masining na paglalahad | Malaki ang kakulangan sa pagkamalikhai n at masining na paglalahad |
| Masusing pag-aaral | Masusi ang pagkatalakay ng mga paksa | May ilang tiyak na pagkatalakay ng mga paksa | May pagtatangkang talakayin ang mga paksa | Hindi natalakay ang paksa |

1. Ano ang isyung sangkot ng pangyayari?
2. Paanong nauugnay ang pangyayari sa soberanya ng bansa?

3. Ano ang dapat gawin ng pamahalaan bilang pagtatatnggol sa soberanya ng bansa?
4. Kung isa ka sa mga mamamayan na hindi naatasan sa serbisyong militar, anu-anong mga serbisyo ang maaari mong maibigay upang ipagtanggol ang ating bansa?
5. Bilang isang batang Pilipino, paano mo maipapakita ang iyong pagpapahalaga upang maipagtanggol ang pambansang interes ng ating bansa?

**Gawain 2**

**Paggawa ng *Comic Strip***

**Panuto:** Gumawa ng isang comic strip na nagpapaliwanag kung bakit mahalagang ipagtanggol ang kalayaan at soberanya ng Pilipinas. Mahalagang maipahayag sa comic strip kung ano ang tungkulin ng mamamayan kaugnay nito.

Gawing gabay sa pagtupad ng Gawain ang sumusunod na rubrik.

| **Rubrik sa Pagmamarka ng *Comic Strip*** | | | |
|---|---|---|---|
| **Pamantayan** | **Deskripsiyon** | **Puntos** | **Nakuhang Puntos** |
| Nilalaman | Makikita sa *comic strip* ang mahalagang impormasyon tungkol sa paksa. Wasto ang impormasyon at makatotohanan ang sitwasyon. | 10 | |
| Pagkamalikhain | Malikhain ang pagkakaguhit ng *comic strip*.<br>Nakapupukaw ito ng interes ng mambabasa. | 7 | |
| Presentasyon | Malinis at maayos ang presentasyon ng *comic strip.* | 3 | |
| | **Kabuuang Puntos** | **20** | |



## *Paglalahat/Repleksyon*

**3** 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…

1. ______________________________________________
   ______________________________________________
2. ______________________________________________
   ______________________________________________
3. ______________________________________________
   ______________________________________________

**2** 2 interesadong bagay na natutunan ko


Natutunan ko ang…

1. ______________________________________________
   ______________________________________________
2. ______________________________________________
   ______________________________________________

**1** 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…

1. ______________________________________________
   ______________________________________________



## *Panapos na Pagtataya*

**Panuto**: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Bakit mahalagang ipagtanggol ng bawat bansa ang kalayaan at teritoryo nito?

   A. maaaring sakupin ng ibang bansa
   B. maaaring mawala ang pagiging estado nito
   C. maaaring makilala ang bansa sa buong mundo
   D. maaaring maging daan ito ng pag-unlad ng isang bansa

2. Alin sa mga sumusunod ang hindi kasama sa mga gawaing serbisyong sibil?
   A. pagsapi sa sandatahang lakas ng bansa
   B. pagtatrabaho sa pagawaan ng armas o bala
   C. pagtatrabaho sa tanggapang laan sa pagtiyak ng maayos na telekomunikasyon
   D. mga gawaing hindi nangangailangan ng tuwirang pakikidigma ngunit kaugnay pa rin ng serbisyong military

3. Ayon sa ______, "Ang lahat ng mga mamamayan ay maaaring atasang maghandog ng personal na serbisyong militar o sibil" ayon sa itinakda ng batas.
   A. Saligang Batas ng 1987
   B. Brigandage Act ng 1902
   C. Reconcentration Act ng 1903
   D. Sedition Law ng 1901 o Act No. 292

4. Sa panahon ng digmaan o pagtatanggol sa teritoryo ng bansa, maaaring magampanan ang _______________ sa pamamagitan ng pagsapi sa sandatahang lakas ng bansa.
   A. Serbisyong sibil
   B. Serbisyong militar
   C. Serbisyong medikal
   D. Serbisyong politikal

5. Ano ang pangunahing ahensiya ng pamahalaan na naatasang ipagtanggol ang ating kalayaan at teritoryo mula sa mga panlabas na puwersa?
   A. Kawanihan ng Edukasyon
   B. Kawanihan ng Katarungan
   C. Department of Foreign Affairs
   D. Armed Forces of the Philippines

6. Ang ____________ nasa tama ang edad at pangangatawan kung hinahangad ng bayan ay nararapat lamang maglingkod sa hukbong sandatahan ngayon at sa darating na panahon.
   A. kabataang
   B. kababaihang
   C. kalalakihang
   D. katandaang

7. Kahit hindi kabilang sa AFP, may malaking ginagampanan din sa pagpapanatili ng kalayaan ng bansa. Sila ang mga taong nagbibigay ng mga ____________.
   A. Serbisyong sibil
   B. Serbisyong militar
   C. Serbisyong medikal
   D. Serbisyong politikal

8. Alin sa mga sumusunod ang dahilan kung bakit sinasabing ang AFP o Armed Forces of the Philippines ang naatasang ipagtanggol ang ating kalayaan at teritoryo?
   A. Dahil sa mga armas na mayroon sila.
   B. Dahil ito ay kagustuhan lamang ng ahensiya.
   C. Dahil isa ito sa mga matatag na ahensiyang naitatag ng ating pamahalaan.
   D. Dahil ito ang ahensiyang naatasang magtanggol sa kalayaan ng ating bansa.

9. Kasama sa pagpapaunlad ng pamahalaan ang kahandaan ng AFP Modernization Program maliban sa isa.
   A. paglagda ng mga kasunduang militar
   B. pagsasagawa ng mga pagsasanay-militar sa ating bansa
   C. pagpapadala ng mga mamamayan sa ibang bansa para magsanay
   D. pagsasanay-militar kasama ang mga hukbo ng mga kaalyadong bansa

10. Ang pagganap sa serbisyong militar o sibil sa panahon ng digmaan o kaya ay panahon ng matinding banta sa kalayaan o teritoryo ay maituturing na tuwiran at __________ na ambag tungo sa kagalingan ng bansa at kapakanan ng sambayanan.
   A. lohikal
   B. personal
   C. di-tuwiran
   D. intelektuwal

## *Susi sa Pagwawasto*

**Linggo 8:**

**Paunang Pagtataya**

1. A
2. B
3. B
4. D
5. A

**Panapos na Pagtataya**

1. B
2. A
3. A
4. B
5. D
6. C
7. A
8. D
9. C
10. B

**Gawain 1**
Tanggapin ang mga posibleng sagot ng mga mag-aaral.

**Gawain 2**
Gawing gabay sa pagtupad ng Gawain ang sumusunod na rubrik.

## *Sanggunian*

**Linggo 8:**


Quizol, Mary Christine F., et al. Kagamitan ng Mag-aaral: Araling Panlipunan 6.Manila: Vibal Group, Inc, 2015.Print

Quizol, Mary Christine F., et al. Patnubay ng Guro: Araling Panlipunan 6. Manila: Vibal Group, Inc, 2015.Print

Department of Education. Most Essential Learning Competencies 2020.

2016 K-12 Curriculum in Araling Panlipunan 6